



NEW MUSLIM
ACADEMY



Manatiling Konektado sa Allah Pagkatapos ng Ramadan



Ang Ramadan ay isang panahon kung saan hinikayat tayo na higit na gumawa at dagdagan ang pagsamba sa abot ng ating makakaya. Gayunpaman, sa lalong madaling panahon matapos ang buwang ito at bumalik tayo sa ating pang-araw-araw na buhay. Maraming beses na na mabilis nating makalimutan ang magandang mga nakasanayan na ating natutunan sa buwan na ito. Samakatuwid, paano natin panatilihin ang ating koneksyon sa Allah ng matatag pagkatapos ng Ramadan? Ito ang ating tuklasin sa elektronikong libro na ito.

Narito ang limang mga payo na makakatulong na manatiling konektado sa Allah pagkatapos ng Ramadan:

Maging Makatotohanan

Ang Ramadan ay isang natatanging panahon dahil ginawa ito ng Allah, na pinahihintulutan ang mga tao na mas higit na tumutok sa pagsamba at mas may kamalayan sa Allah, at likas na ang ibang panahon ng taon ay hindi magkakaroon ng parehong antas ng pagiging espesyal gaya ng Ramadan. Samakatuwid, huwag asahan na nasa parehong antas ang buong taon sa paligid. Sa halip, ay mag-ingat sa karaniwang panlilinlang ni Satanas, kung saan para makaramdam ka ng hindi mabuti sa iyong sarili pagkatapos ng Ramadan dahil mas kaunti ang iyong ginagawa.

Nais ni Satanas na ikaw ay mawalan ng pag-asa sa awa ng Allah at maramdaman na tila ang lahat ng iyong mga pagsisikap sa buong Ramadan ay para sa wala, dahil mas kaunti na ang ginagawa mo ngayong pagbabasa ng Qur'an o pag-aalay ng mas kaunting ritwal na mga debosyon. Ang habag ng Allah ay sumasaklaw sa lahat, at alam Niya ang ating mga kahinaan at kakulangan ng kakayahan sa pagsamba ng tuloy-tuloy sa mataas na antas.

Magkaroon ng Tamang Layunin


Bakit sinubukan mo ang iyong makakaya sa panahon ng Ramadan? Para kanino ito? Ano ang iyong layunin? Ang sagot sa lahat ng mga katanungang ito ay para pasayahin ang Allah



Maging Tuloy-tuloy

Ang dapat nating pagtuunan ng pansin pagkatapos ng Ramadan ay ang pagiging tuloy-tuloy sa ating mabubuting gawa at mga ginagawa, kahit na kung ang ating mga ginagawa ay maliit o kaunti. Gawin ang bawat gawaing pagsamba na ginawa sa panahon Ramadan at subukang gumawa ng isang gawain mula sa mga ito para sa natitirang taon. Halimbawa, tuwing Ramadan ikaw ay nagbabasa ng isang partikular na bilang ng pahina ng Qur'an sa araw-araw, kahit na ilang minuto.

Marahil ikaw ay nagbibigay ng higit na kawanggawa sa buwan ng Ramadan o nag-aalay ng higit pang karagdagang ritwal na debosyon. Ngayon, pagkatapos ng Ramadan, panatilihin ito bilang isang pangkaraniwang gawi. Magbigay ng maliit na halaga sa lingguhan o kahit na buwanang batayan. Magbigay ng regular kautusan sa pamamagitan ng iyong bangko para sa isang kawanggawa o mabuting layunin. Subukang mag-alay ng karagdagang ritwal na debosyon sa araw-araw, tulad ng bago matulog sa gabi, kahit na ito ay dalawang yunit (raka'ah) lamang. Mag-ayuno sa hindi obligadong araw sa buong taon, marahil ay 3 araw lamang sa isang buwan.



Sa ganitong paraan, ang pagiging tuloy-tuloy ay makakatulong sa iyo upang bumuo ng bagong mabuting gawi sa iyong pagsamba. Sa buong taon, ito ay makakatulong sa iyo na madagdagan ang pagsamba at maramdaman ang isang tuloy-tuloy na matatag na ugnayan sa Allah. Pagkatapos, pagdating ng susunod na Ramadan, ang iyong panimulang pagsamba ngayon ay nadagdagan na sa araw-araw, at itulak pa ng kaunti ang iyong sarili sa susunod na Ramadan. Pagkatapos ay susundan mo ito sa pamamagitan ng dagdag na paggawa pagkatapos ng susunod na Ramadan, at sa ganitong paraan sa paglipas ng panahon, ang iyong pagsamba ay madaragdagan sa isang matatag at napapamahalaang paraan. Kung nahihirapan kang gumawa ng maraming mabuting gawi sa araw-araw, pumili ng dalawa o tatlo upang iyong simulan. Ang susi ay ang kalidad at pagpapanatili.

Umiwas Mula sa Kasalanan

Isang malaking bahagi ng Ramadan ay ang pag-aaral at pagpapakita ng pagpipigil at disiplina sa sarili. Ang pag-aayuno ay nangangahulugan ng pagpipigil at pag-iwas mula sa ilang pinahihintulutang mga bagay tulad ng pagkain at inumin sa araw-araw. Nagtuturo ito sa atin na kontrolin ang ating mga kapritso at mga pagnanasa at ipinapakita na ang mga Muslim ay dapat na maging taga patnugot ng kanilang mga pagnanasa at hindi isang alipin sa kanila. Kung kaya nating lumayo mula sa mabuting bagay tulad ng pagkain at inumin para sa kapakanan ng Allah, kung gayon tiyak na dapat tayong maging disiplinado sa pag-iwas mula sa mga ipinagbabawal na gawain.

Sa buong Ramadan, tayo ay maingat sa mga salita na lumalabas sa ating mga bibig, mga bagay na ating ginagawa, at ang ating pangkalahatang pag-uugali. Sinusubukan nating pigilan ang init ng ating ulo kapag may gagawa ng bagay na makakainis sa atin. Ang disiplinang ito ay nakakatulong sa ating mga Muslim para iwasan ang mga tukso ni Satanas.

A silhouette of a person in a prayerful pose, with hands raised and palms facing each other, set against a large, glowing sun or moon in a warm, orange-hued sky. The person is shown from the side, facing right.

Humingi ng Tulong sa Allah

Hilingin sa Allah na tulungan kang ipagpatuloy ang iyong mabubuting mga gawa at pagsamba pagkatapos ng Ramadan. Ang pagsusumamo sa Allah ay isa sa pinakamabisa at pinakamahalagang paraan upang manatiling konektado sa Allah sa buong taon. Ang Allah lamang ang makakagawa na maging madali ang mga bagay para sa atin. Kung ikaw ay taos-pusong nananawagan sa Allah at humihingi ng tulong sa Kanya, ang Allah ay tutugon at tutulungan ka na manatiling matatag sa iyong pananampalataya at makapagpatuloy na magsagawa ng mabuting gawain.

